Ang Opisina ng Karapatang Sibil (Office for Civil Rights- OCR) ay nagsasatupad ng ilang mga batas pederal na karapatang sibil na pinagbabawal ang diskriminasyon o pagtatangi sa mga programa o gawaing tumatanggap ng tulong na pinansyal mula sa Departamento ng Edukasyon (ED). Diskriminasyon o pagtatangi batay sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan ay ipinagbabawal ng Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964 (Civil Rights Act of 1964); diskriminasyon batay sa kasarian ay ipinagbabawal ng Titulo IX ng mga Pagbabago ng Edukasyon ng 1972 (Education Amendments of 1972); diskriminasyon batay sa kapinsalaan ay ipinagbabawal ng Seksyon 504 (Section 504) ng Batas ng Pagpapanibagong Buhay ng 1973 (Rehabilitation Act of 1973) at ang Titulo II ng mga Amerikanong may Kapinsalaan ng 1990 (Title II of the Americans with Disabilities Act of 1990) (Pinagbabawal ng Titulo II ang diskriminasyon batay sa kapinsalaan ng mga organisasyong pampubliko, tumatanggap man sila o hindi ng pederal na tulong na pinansyal); at ang diskriminasyon batay sa gulang ay ipinagbabawal ng Batas ng Diskriminasyon Batay sa Gulang ng 1975 (Age Discrimination Act of 1975).

Itong mga batas ng karapatang sibil ay isinasatupad ng OCR sakop ang lahat ng mga ahensiyang pag-aaral ng mga estado, mga sistema ng mababa at mataas na paaralan, mga kolehiyo at pamantasan, mga paaralang bokasyonal, mga paaralang sariling pagmamay-ari, mga ahensiyang pang-estado na bokasyonal na pagpapanibagong-buhay, mga aklatan, at mga museo na tumatanggap ng pederal na tulong na pinansyal mula sa ED. Ang mga programa o gawaing tumatanggap ng pederal na tulong pinansyal mula sa ED ay kailangan magbigay ng mga benepisyo, o serbisyo sa hindi nagtatanging paraan. Itong mga tulong, benepisyo, o serbisyo ay maaaring ibilang, ngunit hindi lamang limitado sa: pagtanggap, paraan ng pangangalap, tulong na pinansyal, programang akademiko, pakikitungo o serbisyo sa mag-aaral, pagbigay ng payo, disiplina, trabahong pangsilid-aralan, paggrado, edukasyong bokasyonal, libangan, edukasyong pisikal, palakasan, pabahay, at trabaho.

Sa karagdagan, mula noong ika-8 ng Enero, 2002, isinasatupad ng OCR ang Batas ng Pantay na Daan ng Boy Scouts ng Amerika (Boy Scouts of America Equal Access Act), bahagi ng Batas ng Walang Batang Maiiwan ng 2001 (No Child Left Behind Act of 2001). Sa ilalim ng Batas ng Pantay na Daan ng Boy Scouts ng Amerika, walang mababang paaralang pampubliko, mataas na paaralang pampubliko, o ahensiyang pang-estado o lokal na nagbibigay ng pagkakataon para sa isa o higit na kabataang nasa labas o pangkat na pamayanang magtipon sa loob ng paaralan o sa bahagi ng paaralan bago o matapos ang mga oras ng pag-aaral o tanggihan ang pantay na daan o makatarungang pagkakataon magtagpo o magtangi laban sa anumang, pangkat na opisyal na kaugnay ng Boy Scouts ng Amerika o anumang ibang pangkat ng kabataang nakalista sa Titulo 36 ng Kodigo ng Estados Unidos (United States Code) bilang lipunang makabayan.



## ANO ANG DAPAT GAWIN

Sinumang nais magharap ng pormal na reklamo sa OCR ay kailangang magbigay ng sumusunod na impormasyon na nakasulat sa isang liham o sa Pormularyo ng Reklamo ukol sa Diskriminasyon na makukuha sa mga opisina ng pagsasatupad ng OCR (tumingin sa listahan):

- Iyong pangalan at tirahan (isang numero ng telepono kung saan ikaw ay maaaring maabot sa mga oras ng trabaho ay makakatulong, ngunit hindi inuutos);
- Pangkalahatang paglalarawan ng (mga) tao o uri ng mga taong napinsala ng mga ipinaratang na (mga) gawang nagtatangi (pangalan ng (mga) napinsalang tao ay hindi kinakailangan);
- Ang pangalan at lugar ng institusyon na gumawa ng ipinaratang na (mga) gawang nagtatangi; at,
- Paglalarawan ng ipinaratang na (mga) gawang nagtatangi sa sapat na detalye upang maunawaan ng OCR kung ano ang naganap, kailan ito naganap, at ang batayan ng ipinaratang na (mga) gawang nagtatangi (lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapinsalaan, gulang, o Batas ng Pantay na Daan ng Boy Scouts ng Amerika).



## PAANO MAGHARAP NG REKLAMO SA INTERNET

Hinihikayat ng OCR ang mga mag-aaral at mga magulang, mga sugo ng mga institusyon ng pag-aaral, at ibang mga kliyente ng OCR na gumamit ng e-mail o fax upang makibalita sa OCR, kailanmang maaari. Ang mga demandante ay maaari ding magharap ng reklamo sa OCR, **online**, sa sumusunod na internet address:

http://www.ed.gov/ocr/complaintprocess.html.

Para sa mga walang e-mail, ang internet ay nagagamit nang walang bayad sa iyong lokal na pampublikong aklatan, at ang mga libreng e-mail account ay nabubuksan mula sa ilang malalaking tagatustos.

Ang isinumbong ay bawal gumanti laban sa sinumang taong nagreklamo, tumestigo, tumulong o nakibahagi sa anumang paraan sa pagsisiyasat o patakaran sa ilalim ng mga batas na nakalista sa itaas.



# PAANO MAGHARAP NG REKLAMO UKOL SA DISKRIMINASYON SA OPISINA NG KARAPATANG SIBIL (OFFICE FOR CIVIL RIGHTS)

Opisina ng Karapatang Sibil
(Office of Civil Rigts)
Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos
(U.S. Department of Education)
400 Maryland Avenue, S.W.
Washington, D.C. 20202-1100
(202) 245-6800; 1-800-421-3481
FAX: (202) 245-6840 TDD: (877) 521-2172
E-mail: OCR@ed.gov
Web: http://www.ed.gov/ocr

## SINO ANG MAAARING MAGHARAP NG REKLAMO

Sinumang naniniwalang may ginawang pagtatangi ang isang institusyong pag-aaral na tumatanggap ng pederal na tulong na pinansyal laban sa isang tao batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapinsalaan, o gulang, o nananiniwalang ang isang mababa o mataas na paaralang pampubliko, o ahensiyang pag-aaral ng estado o local ay lumabag sa Batas ng Pantay na Paglapit ng Boy Scouts ng Amerika, ay maaaring magharap ng reklamo. Ang tao o samahang naghaharap ng reklamo ay hindi kinakailangang maging siya mismo ang biktima ng ipinaparatang na pagtatangi, ngunit maaaring magharap ng reklamo para sa ibang tao o samahan.

## PAGIGING NASA PANAHON

Ang reklamo ay kailangang maiharap sa loob ng 180 na araw ng kalendaryo mula noong petsa ng ipinaparatang na pagtatangi, maliban kung ang panahon sa pagharap ay pahabain ng OCR nang may sapat na katuwiran.

## PARAAN NG PAGREKLAMO LABAN SA INSTITUSYON

Bago magharap ng reklamo sa OCR laban sa isang institusyon, maiging alamin muna ng maaaring demandante ang sariling paraan ng paglutas ng mga reklamo ng mismong institusyon at gamitin ito sa paglutas ng reklamo. Hindi inuutos ng batas na gamitin ng demandante ang paraan ng paglutas ng reklamo sa kanyang mismong institusyon bago iharap ang reklamo sa OCR. Kung gagamitin ng demandante ang paraan ng paglutas ng reklamo ng

## SAAN DAPAT SUMULAT

### BAHAGING SILANGAN (EASTERN DIVISION)

**Connecticut, Maine, Massachusetts, New Hampshire, Rhode Island, Vermont**
Office for Civil Rights, Boston Office
U.S. Department of Education
33 Arch Street, Suite 900
Boston, MA 02110
Tel.: (617) 289-0111; Fax: (617) 289-0150

**New Jersey, New York, Puerto Rico, Virgin Islands**
Office for Civil Rights, New York Office
U.S. Department of Education
32 Old Slip
26th Floor
New York, NY 10005
Tel.: (646) 428-3900; Fax: (646) 428-3890

**Delaware, Maryland, Kentucky, Pennsylvania, West Virginia**
Office for Civil Rights, Philadelphia Office
U.S. Department of Education
The Wanamaker Building
100 Penn Square East, Suite 515
Philadelphia, PA 19107
Tel.: (215) 656-8541; Fax: (215) 656-8605

### BAHAGING TIMOG (SOUTHERN DIVISION)

**Alabama, Florida, Georgia, Tennessee**
Office for Civil Rights, Atlanta Office
U.S. Department of Education
61 Forsyth Street S.W., Suite 19T70
Atlanta, GA 30303
Tel.:(404) 562-6350; Fax:( 404) 562-6455



**Arkansas, Louisiana, Mississippi, Texas**
Office for Civil Rights, Dallas Office
U.S. Department of Education
1999 Bryan Street, Suite 1620
Dallas, TX 75201
Tel.:(214) 661-9600; Fax: (214) 661-9587

**North Carolina, Virginia, Washington, D.C., South Carolina**
Office for Civil Rights, DC Office
U.S. Department of Education
P.O. Box 14620
Washington, D.C. 20044
Tel.:(202) 208-2545; Fax: (202) 208-7797

### BAHAGING GITNANGKANLURAN (MIDWESTERN DIVISION)

**Illinois, Indiana, Minnesota, Wisconsin, Iowa, North Dakota**
Office for Civil Rights, Chicago Office
U.S. Department of Education
111 North Canal Street, Suite 1053
Chicago, IL 60606
Tel.:(312) 886-8434; Fax: (312) 353-4888

**Michigan, Ohio**
Office for Civil Rights, Cleveland Office
U.S. Department of Education
600 Superior Avenue East, Suite 750
Cleveland, OH 44114
Tel.: (216) 522-4970; Fax: (216) 522-2573



**Kansas, Missouri, Nebraska, South Dakota, Oklahoma**
Office for Civil Rights, Kansas City Office
U.S. Department of Education
8930 Ward Parkway, Suite 2037
Kansas City, MO 64114
Tel.:(816) 268-0550; Fax: (816) 823-1404

### BAHAGING KANLURAN (WESTERN DIVISION)

**Arizona, Colorado, New Mexico, Utah, Wyoming**
Office for Civil Rights, Denver Office
U.S. Department of Education
1244 Speer Boulevard
Federal Building, Suite 310
Denver, CO 80204
Tel.:(303) 844-5695; Fax: (303) 844-4303

**California**
Office for Civil Rights, San Francisco Office
U.S. Department of Education
Old Federal Building
50 United Nations Plaza, Room 239
San Francisco, CA 94102
Tel.:(415) 556-4275; Fax: (415) 437-7783

**Alaska, Hawaii, Idaho, Nevada, Oregon, Washington, Montana, American Samoa, Guam, and the Northern Mariana Islands**
Office for Civil Rights, Seattle Office
U.S. Department of Education
915 Second Avenue, Room 3310
Seattle, WA 98174
Tel.:(206) 220-7900; Fax: (206) 220-7887

Binago noong September 2005

institusyon mismo at nais din niyang magharap ng reklamo sa OCR, dapat iharap ang reklamo sa OCR sa loob ng 60 na araw mula noong huling kilos ng paraan ng paglutas ng reklamo ng institusyon.